SALITAIN ANG IYONG WIKA!

Kakayahan at asset ang pagiging bilingual

SPEAK YOUR LANGUAGE
Celebrating the Power of Bilingualism

MAINAM PARA SA IYONG ANAK NA MATUTO SIYA NG MAHIGIT SA ISANG WIKA

- Kapag itinuro mo sa iyong anak ang inyong wika sa bahay, makakatulong ito sa kanya na magkaroon ng malalim at matibay na kaugnayan sa kanyang kultura
- May natatanging kakayahan ang mga bata na matuto ng maraming wika nang sabay-sabay
- Makakapagpahusay ang karunungang magsalita ng mahigit sa isang wika ng iyong anak sa kanyang mga kakayahan sa malikhaing pag-iisip at paglutas ng problema
- Kapag ibinahagi mo ang iyong karunungan sa inyong wika sa bahay, mas madaling matututunan ng iyong anak ang wikang Ingles

NAKAKATULONG ANG PAGIGING BILINGUAL SA MGA MAG-AARAL NA MAGKAROON NG KAKAYAHANG MAGTAGUMPAY SA KOLEHIYO AT TRABAJO

- Mas maraming oportunidad sa trabaho ang kabataang magtatapos nang marunong magsalita ng dalawa o higit pang mga wika
- Sa sekundarya, maaaring makakuha ang mga mag-aaral ng mga credit at ng Sagisag ng Karunungan sa Dalawang Wika (Seal of Biliteracy) sa karunungang gumamit ng dalawang wika
- Ayon sa pananaliksik sa buong bansa, may mas magagandang resulta para sa mga mag-aaral at pamilya na sumasailalim sa mga programa sa pag-aaral gamit ang dalawang wika (dual language program)
  *magtanong sa iyong distrito ng paaralan tungkol sa mga programa sa pag-aaral gamit ang dalawang wika

TULUNGAN ANG IYONG ANAK NA MATUTUNAN ANG INYONG WIKA SA BAHAY SA PAMAMAGITAN NG:

- Pakikipag-usap sa kanya habang nagsasagawa ng mga pang-araw-araw na gawain, tulad ng paghuhugas ng pinggan, pamimili o pagmamaneho at paglalakad-lakad
- Pagkanta sa kanya at pakikipagkuwentuhan gamit ang inyong wika sa bahay
- Pagbabasa sa kanya; itanong sa inyong aklatan kung may mga aklat ito na nasa inyong wika sa bahay
- Pakikipag-usap sa iyong anak gamit ang inyong wika sa bahay sa lahat ng pagkakataon upang makatulong na mapanatili niya ang kanyang karunungan sa pagsasalita ng iba't ibang wika

http://www.cde.ca.gov/sp/cd/ce/documents/dllresearchpapers.pdf; http://www.earlyedgecalifornia.org/our-issues/dll/; http://fcd-us.org/sites/default/files/Challenging%20Common%20Myths%20Update.pdf Panoorin ang isang isinalin na video tungkol sa usaping ito rito: https://www.weareoneamerica.org/world-language-credit-translations; Dagdagan ang nalalaman tungkol sa Sagisag ng Karunungan sa Dalawang Wika (Seal of Biliteracy): http://sealofbiliteracy.org/ Collier, Virginia P. at Wayne, Thomas P. Dual Language Education for a Transformed World (Pagbibigay ng Edukasyon sa Dalawang Wika para sa Bagong Mundo). Albuquerque: Fuente Press, 2012. Inilimbag.

SpeakYourLanguage.org

ONEAMERICA With Justice for All

The ROAD MAP PROJECT Supported by CCER